The Roman Catholic Bishop of Calapan

# "TUMAWID TAYO SA IBAYO"

(Mk. 4:35)

*Ikaapat na Liham-Pastoral ng*
*Lubhang Kagalang-galang Moises Magpantay Cuevas, D.D.*
*Para sa Pagsisimula ng Bagong Taon 2025*

Minamahal kong mga kapatid na Pari, mga Madre, at lahat ng Pamilya sa Bikaryato Apostoliko ng Calapan:

Ngayong Dakilang Kapistahan ng Mahal na Birheng Maria, Ina ng Diyos, ipinaaabot ko sa inyong lahat ang aking pagbati at bendisyon para sa bago at buong taong 2025. "Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo" (Rom. 1:1b).

Masaya kong nililingon ang katatapos na taong 2024 sa diwa ng pagpapasalamat sa Diyos at sa inyong lahat. Nag-uumapaw ang kanyang pagpapala sa maraming nangyari sa atin at sa maraming pinangyari natin. Sagana ang natutuhan ko sa ginawa kong *Pastoral Visit* sa mga parokya, *quasi-parishes, chaplaincies* at *mission areas*. Salamat sa pagbubukas ng mga pari, mga lider-laiko at iba pang sektor ng Simbahan. Mas malalim na ang kamalayan ko tungkol sa katayuan ng Bikaryato. Walang maipapalit sa mga karanasan ng aking pakikipagtagpo at pakikipag-usap sa iba't ibang grupo ng mga mananampalataya. Nagpapasalamat din ako mga naging kaagapay ko sa dalaw-pastoral; ang mga datos na kanilang tinipon ay ibinigay ko sa mga dalubhasa at hawak ko na ang kanilang interpretasyon.

Ang *General Reshuffling* ng mga pari ay nagmulat sa akin sa kanilang sitwasyon at mga pangangailangan. Salamat sa kanilang kabukasan sa bagong destino kahit hindi napagbigyan ang lahat ng kanilang hiling. Salamat sa pagtanggap ng mga parokya sa inyong bagong pastol; naramdaman ko ang inyong kagalakan noong sila'y aking italaga. Sa kalahating taon ng mga pari sa kani-kanilang destino ay may natanggap akong mga positibong ulat tungkol sa mga inisyatibang pastoral para sa ikauunlad ng buhay-pananampalataya; lubos ko itong ipinagpapasalamat.

Ang ikalawang *Diocesan Synodal Consultation* na ginanap sa Calapan at ang *Diocesan Eucharistic Congress* sa Gloria ay parehong matagumpay na naisagawa. Salamat sa mga

Bishop's Residence, Diocesan Center, Brgy. San Rafael, Calapan City, 5200 Oriental Mindoro, Philippines
Tel: (043) 288-3079; Fax: (043) 288-4669

organisadór nito at sa aktibong partisipasyon ng mga lider-laiko. Nawa'y patuloy tayong mag-ayos at magpasigla ng ating pagsamba para makabuo ng mga pamayanang nakasentro sa Banal na Eukaristiya.

Sabihin pa, nagsisimula pa lamang tayo sa magkakasamang paglalakbay. Ang paanyaya ni Jesus noon sa mga alagad ay sa atin ngayon ipinahahatid: "Tumawid tayo sa ibayo" (Mk. 4:35). Patuloy tayong sasagwan upang maitawid ang isang bagong taon at ang mahaba pang panahon na ating kinakaharap. May mga sablay at pagkukulang man, napakaliit ng mga ito kumpara sa ating mga tagumpay. Ito nawa ang magbigay sa ating lahat ng lakas ng loob at pag-asa para walang kapagurang makapaglayag tayo sa pangunguna ni Jesus. Habang tayo'y nakikibahagi sa misyong ipinagkatiwala ni Jesus, mahubog nawa ang ating pagkatao at mapaunlad ang ating pagtitiwala sa Diyos nang sa gayo'y mawala sa ating bokabularyo ang pananawa bagkus ay patuloy na kasipagan sa paglilingkod na may kagalakan. Wika nga ni Propeta Isaias: "Ang nagtitiwala kay Yahweh ay magpapanibagong sigla" (Is 40:31a).

Kumikilos tayo kaisa ng Simbahan sa buong daigdig sa pangunguna ng ating Santo Papa Francisco. Sa kanyang pamumuno ay nakikiisa tayo sa Banal na Taon ng "Jubileo ng Pag-asa" ngayong 2025. Ang pakikipagkasundo natin sa Diyos ay napakahalagang sangkap para makausad tayo sa pagtataguyod ng Simbahang Sinodal at sa pagkakamit ng kaligtasan. Inilabas na ng Roma ang *Final Document* ng *Synod of Bishops on Synodality*. Magiging gabay natin ito sa ating mga pagpaplano at pagkilos. Hinihiling sa atin na pamalagiin ang pamamaraang sinodal, ibig sabihin, sama-samang pagdedesisyon at pagganap sa pagmimisyon. Kailangan nating malinang ang *synodal spirituality* na buong tiwalang sumasandig sa grasya ng Diyos, sa paggabay ng Espiritu Santo, at sa maigting na ugnayan sa lahat upang ang bawat isa ay makadama na siya'y mahalagang bahagi ng Simbahan.

Patuloy nating sasakyan sa paglalayag patungo sa kabilang ibayo ang Hapag ng Pamilyang Mindoreño. Gagamitin nating sagwan ang ilang nakahanay na gawain sa ating Bikaryato. Ang ikalawang taon ng ating *Triennial Celebration* patungo sa ika-75ng Anibersaryo ng Pagkakatatag ng Bikaryato Apostoliko ng Calapan sa 2026 ay ang Hapagdiriwang ng Salita ng Diyos sa Taon ng Kalapit. Magdaraos tayo ng *Diocesan Bible Congress* upang patingkarin ang ating pagtitiwala na ang Salita ng Diyos ay "isang tanglaw na sa atin ay patnubay, liwanag na tumatanglaw sa landas nating daraanan" (Awit 119:105). Mag-aaral tayo ng iba't ibang paraan ng pagninilay at pagbabahaginan ng Salita ng Diyos upang ang ating mga pamayanan ay makapamuhay bilang magkakapatid.

Bishop's Residence, Diocesan Center, Brgy. San Rafael, Calapan City, 5200 Oriental Mindoro, Philippines
Tel: (043) 288-3079; Fax: (043) 288-4669

# The Roman Catholic Bishop of Calapan

Pagdami ng sumasagwan, mas bibilis ang ating paglalakbay. Hindi tayo mga turista sa ating paglalayag. Habang tayo'y nagsisikap magpakabanal, maghahagis tayo ng lambat upang makapangalap ng mas maraming kabataan, mas maraming kalalakihan, mas maraming propesyonal na makakatuwang natin sa paghuhubog ng mga munting alagad ni Kristo, mga pamilya-simbahan, at ng mga katutubo. Palalawigin natin ang ugnayan at pakikipagtulungan sa mga *LGUs* para makalikha ng bagong kaayusan sa ating lipunan. Magsasagawa tayo ng maingat na pagpili ng mga pinunong aktibong maglilingkod sa mga pamayanan at sa buong parokya. Hihimukin natin ang lahat na maging bukas sa bago at napapanahong paraan ng paglilingkod sa ikatatatag ng Kaharian ng Diyos.

Upang mapukaw ang partisipasyon ng higit na nakararami, mag-oorganisa tayo ng mga Kawan o Mumunting Sambayanang Kristiyano (MSK) maging sa malalayong pook, at maging sa hanay ng mga maralita. Sasangkapan natin ang mga kaagapay sa paglilingkod ng angkop na paghuhubog – palalalimin ang kanilang relasyon kay Jesus, pauunlarin ang kanilang ugnayan sa isa't isa, at hahasain ang kanilang kasanayan sa mga tungkuling nakaatang sa kanila. Ang hinangad ni San Pablo noon ay siya ko ring hangarin para sa inyo: "Nawa'y mag-ibayo ang inyong pag-ibig at masangkapan ng malinaw na pagkakilala at malawak na pagkaunawa upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay" (Fil 1:9-10a).

Kay Maria, Ina ng Diyos, ay ating makikita ang mukha ng Simbahang sinodal, misyonaryo at maawain. Siya ang larawan ng Simbahang nakikinig, nagdarasal, nakikipag-diyalogo, nakikilakbay, at nagmimisyon. Siya ang gawin nating modelo ng pag-ulinig sa kalooban ng Diyos, ng pagsunod sa Salita ng Diyos, at ng pag-ibig na kumakalinga sa mga maralita, at ng pagpupuri sa Diyos sa udyok ng Banal na Espiritu. Siya ang Tala sa Umaga, ang Kabanal-banalang Ina ng Liwanag, sa ating sama-samang pagsagwan hanggang sa matawid at marating natin na magkakasama ang kabilang ibayo.

**LUB. KGG. MOISES M. CUEVAS, D.D.**
Obispo ng Calapan

1 Enero 2025
Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos

Bishop's Residence, Diocesan Center, Brgy. San Rafael, Calapan City, 5200 Oriental Mindoro, Philippines
Tel: (043) 288-3079; Fax: (043) 288-4669